DEPARTMENT OF EDUCATION
SDO-Iriga City RECORDS SECTION
RELEASED
16 SEP 2026
CTRL No.: 2026-09-00 ... 

Republika ng Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon
REHIYON V (BIKOL)
TANGGAPANG PANSANGAY NG MGA PAARALAN NG LUNGSOD IRIGA

PARA SA: Kawaksing Tagapamanihala
Mga Punong Superbisor ng CID at SGOD
Mga Superbisor ng Programang Edukasyon
Mga Puno ng Tanggapan at Lupon sa Wikang Filipino
Mga Kawani ng SDO Lungsod Iriga

MULA KAY: **MARIA-MAGNOLIA F. BRIOSO, CESO VI**
Nanunuparang Tagapamanihalang Pansangay ng mga Paaralan

PAKSA: **BALIDASYON NG KWF PARA SA APLIKASYON NG SDO LUNGSOD IRIGA SA DANGAL NG SELYO NG KAHUSAYAN SA SERBISYO PUBLIKO**

Petsa: 10 Setymebre 2026

1. Ipinapabatid sa lahat ang gaganaping **Balidasyon ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF)** kaugnay ng aplikasyon ng SDO Lungsod Iriga para sa **Dangal ng Selyo ng Kahusayan sa Serbisyong Publiko**.

2. Dahil dito, partikular na inaatasan ang lahat ng **Unit Heads**, lalong-lalo na ang lahat ng **Kasapi ng Lupon sa Wikang Filipino**, na ihanda ang kani-kanilang tanggapan. Tiyaking maayos at nakahanda ang lahat ng kinakailangang dokumento, ulat, at patunay ng paggamit ng wikang Filipino sa opisyal na komunikasyon at serbisyo ng ating sangay.

3. Kaugnay nito, narito ang iskedyul ng mga gawain para sa darating na **Setyembre 17, 2026**:

| Oras | Gawain / Destinasyon |
|---|---|
| 7:00 NU – 9:30 NU | Pagsundo sa **Tabaco Port** para sa **Ocular Visit** ng tanggapan at pagsusuri ng mga dokumento *(Dr Arthur M. Ramboyong, Elsa T. Orbon, Teodoro R. Nacario, Jr, Danry V. Blanco and Homer O. Matuciños)* |
| 10:00 AM – 11:00 NT | Pagbisita at balidasyon sa **SDO Lungsod Iriga** |
| 11:35 NH 1:00 NH | Pagbisita at balidasyon sa **Brgy. San Isidro SK** |
| 1:30 NH- 3:30 NH | Pagsundo sa mga kinatawan ng KWF ng **Donsol LGU, Sorsogon** |

4. Hinihiling ang buong kooperasyon at maagap na paghahanda ng lahat upang matiyak ang tagumpay at maayos na pagsasagawa ng balidasyon at mga kaugnay na aktibidad.

5. Ang lahat ng gastusin tulad ng gasolina ng DepEd Van, pagkain (snacks at lunch) sa nasabing balidasyon ay manggagaling sa pondo ng Division MOOE na sasailalim sa nakagawiang pagsusuma at pag-awdit.

6. Samantala, ang memorandum na ito ay magsisislbing pahintulot sa paglalakbay ng lahat ng kabilang sa nasabing paghatid at pagsundo sa mga kinatawan ng Komisyon sa Wikang Filipino.

7. Para sa inyong gabay at pagtalima.